Mga tala sa paggamit

- Hindi ito nilulunok.
- Huwag kumain, uminom o banlawan ang iyong bibig pagkatapos gumamit ng mouthwash.

Mga posibleng side effects

May ilang mouthwash na maaaring magbago ng iyong panlasa o magmamantsa sa iyong ngipin.

Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata upang makaiwas sa aksidenteng pagkalunok nito.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.
Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.
Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.
Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

PAANO gumamit ng MEDICINAL MOUTHWASH

PESSARY
RECTAL SUPPOSITORIES
MEDICINAL MOUTHWASH
NASAL DROPS
EYE OINTMENTS

Drug Office
Department of Health

Paano gumamit ng Medicinal mouthwash

1 Banlawan ang iyong bibig gamit ang tubig.

2 Sukatin ang tamang dami o dosis ng mouthwash.

Tingnan ang pabalat ng gamot para sa paraan ng paghahalo nito. Para sa thymol gargle, paghaluin ang 1 bahagi ng mouthwash sa 3 bahagi ng tubig.

3 Ilagay ang mouthwash at imumog ito sa iyong bibig.

Ang rekomendadong tagal ay paiba-iba sa magkakaibang paghahanda.

4 Idura ang mouthwash.